

Chapter

One

“Excited na ako! Pupunta kami nina Mama sa Maynila sa makalawa. Buti na lang talaga, nasakto na ngayon ang last day sa eskuwela, kung di hindi ako makakasama sa reunion namin!” masayang saad ni Christie pagkalabas nila sa classroom. “Ikaw, may plano ba kayong magbakasyon?”

Umiling si JJ. Gustuhin man niyang ma-experience ang magbakasyon sa kung saan-saan ay hindi iyon kaya ng budget nilang mag-ina. Sa pagbayad pa lamang sa tuition niya sa kolehiyo ay halos hindi na kayanin ng maliit nitong sari-sari store sa palengke.

“Maghahanap na lang siguro ako ng

mapagkakakitaan bago ang pasukan ulit,” saad niya.

Ngayong araw ay opisyal na niyang natapos ang pangatlong taon sa kolehiyo. Sa susunod na pasukan ay huling taon na niya sa *San Sebastian College* sa kursong Education. San Sebastian din mismo ang pangalan ng kanilang lalawigan malapit sa Quezon Province.

Nakakaintinding nilingon siya ng matalik na kaibigan. “Yaan mo, dalhan na lang kita ng pasalubong. Ano’ng gusto mo?”

Napailing siya at pilit na ngumiti. “Huwag na, Chris, ayos lang... Enjoy ka na lang d’un.”

Umikot ang mga mata nito. “Sus, ano ka ba! Parang di mo ’ko best friend, nahiya ka pa. Bibilhan na lang kita ng magandang damit. Ang ganda-ganda mo, eh. Di ka lang marunong pumili ng maayos na damit. Palagi na lang ’yang gusgusin mong pantalon o ’yung mga luma mong palda ang suot mo.”

Parang nagpapaalalang nilingon niya ito. “Alam mo namang imbis na bumili ako ng damit pag binibigyan ako ng pera ni Nanay ay iniipon ko na lang. Halos hindi nga ako nakapasok nitong third year dahil kinulang kami ng pang-enroll.”

“Siya, siya... Basta’t damit ang bibilhin ko para sa ’yo,” anito. Nasa labas na sila ng gate ng kolehiyo at

habang magta-tricycle ang kaibigan pauwi, siya naman ay maglalakad lamang. Sayang din ang pamasaha at sampung minutong lakaran lang din naman ang kanilang bahay.

“Bye, Christie.” Kumaway siya sa kaibigan.

“Bye! Text-text na lang.”

Tumango si JJ at nagsimula nang maglakad, nakayuko. Sa lahat ng classmates nila, kay Christie lamang siya komportable. Reklamo nga nito ay masyado siyang mahiyain. Hindi siya palakibo. Mas gugustuhin pa niyang mag-isa kaysa makihalubilo sa kung kani-kanino at mag-ingay. Kapag nasa tindahan ang biyuda niyang ina ay abala siya sa pagpapaganda sa hardin ng maliit nilang bakuran. Iyon ang pasttime niya, hindi katulad ng ibang kaedad niya na umiikot ang mundo sa gimmick at Internet.

Sa naisip ay napangiti siya. Kaninang umaga pagkagising ay nakita niyang unti-unti nang namumulaklak ang tinanim niyang rosas magtatatlong buwan na ang nakararaan. Ilang araw na lang ay mamumukadkad na ang mga bubot nitong bulaklak. Iyon kaagad ang una niyang titingnan pagkauwi sa bahay. Magdidilig siya at bubunutin ang mga damong—

Natigil ang pagmumuni-muni ni JJ nang bigla ay

mabangga siya sa matigas na katawan ng kung sinong estranghero. Ramdam niya ang pagtilapon ng kanyang katawan para lang muling mapatuwid ng tayo dahil mabilis siya nitong nahawakan sa braso.

“Careful...” anang baritonong boses.

“Sorry po,” aniyang aminado kaagad na siya ang may kasalanan dahil hindi siya tumitingin sa dinaraan. Tiningala niya ang lalaki para lang muling mapayuko nang mapagsino ito.

Si Archivald Cruz, ang nag-iisang anak ni Arturo Cruz, ang pinakamayamang negosyante sa buong San Sebastian. Hindi dahil sa yaman ng mga ito kaya sikat ang pamilya. Karamihan sa kanilang lalawigan ay takot sa mga ito dahil sa sobrang istrikto at perfectionist ang ama nito. Alam iyon ng mga taga-San Sebastian dahil daan-daan sa mga ito ang nagtatrabaho para sa matanda. Dati ring nagtrabaho para rito ang kanyang ina, pero dahil nakahiram ng malaking pera ay nagpasya na lang na magtayo ng sariling tindahan.

Arturo Cruz had a very bad temper na sa narinig niya ay nakuha ng anak nito. Si Archivald na hindi niya mapaniwalaang nakabangga niya ngayon. Ang alam niya ay nasa States ang lalaki at may sariling trabaho.

“It’s all right, okay ka lang?”

Napapamulagat na nahawi niya ang kamay nitong sinubukang iangat ang kanyang mukha. Saglit niya muling nasilayan ang curious nitong pagkakatingin sa kanya. Mabilis uli siyang yumuko at umatras.

“O-okay lang po. Pasensya na po talaga...”

“It’s okay...”

Pagkarinig niyon ay mabilis na siyang gumilid at nagmadaling naglakad palayo, kumakabog ang dibdib. Alam niyang kabado siya, pero pakiramdam ni JJ ay may iba pang pinanggagalingan ang abnormal na pagtibok ng kanyang puso ngayon. Habang mabilis na naglalakad ay hindi niya napigilan ang sariling muling lingunin ang lalaking nakabangga. At tila nagsipagtayuan ang balahibo sa kanyang batok nang makitang nakasunod din ang tingin nito sa kanya. Nanlalaki ang mga matang mabilis na binawi niya ang paningin at halos takbuhin na ang daan patungo sa kanilang bahay.

“O, ba’t hinihinal ka?” bungad kaagad sa kanya ni Martha, ang kanyang ina. Naabutan niya itong nagdidilig ng kanyang mga halaman.

Napakunot-noo si JJ. Alas cuatro pa lamang ng hapon at dapat ay nasa tindahan pa ito. “Ba’t nandito na kayo, ’Nay? Ang aga pa, ah...”

Hindi siya nito nilingon habang gamit ang tabo ay

dahan-dahang binibinyagan ang mga namumulaklak niyang halaman.

“Hindi maayos ang pakiramdam ko ngayon, kaya nagpasya akong umuwi nang maaga.”

Napuno ng pag-aalala ang kanyang dibdib. “Eh, ba’t n’yo pa ’yan ginagawa? Dapat ay nagpapahinga na kayo, ’Nay.”

Nagmadaling inilapag ni JJ ang backpack sa gawa sa kawayan nilang balkonahe at kinuha mula sa ina ang timba at tabo. “Ako na ang tatapos, ’Nay.”

Hindi kumibo si Martha, tahimik lang itong bumuntong-hininga at naupo sa balkonahe malapit sa kung saan niya inilapag ang kanyang bag.

Napasunod ng tingin si JJ. Muli niyang ibinaba ang timba at nilapitan ang ina. Inilapat niya ang likod ng kamay sa noo nito, pero hindi naman ito mainit. “Ano’ng nararamdaman n’yo, ’Nay?” nag-aalala niyang tanong.

Paiwas itong tumingin sa hardin. “Masakit lang ang ulo ko, ’Nak...”

Mataman niya itong pinagmasdan, may nabubuo nang hinala sa kanyang isip. “Ginulo na naman kayo ni Aling Hilda, ’no?” tukoy niya sa taong pinagkakautangan nilang mag-ina. Ito ang nagpahiram kay Martha ng pera na abot-langit ang interes. Dahil

sa dami ng kanilang gastusin ay magtatatlong buwan nang hindi buo ang bayad nila sa utang na hanggang ngayon ay hindi pa nababawasan dahil sa interes lang napupunta. Nang nakaraan ay halos pigain ni Aling Hilda araw-araw ang benta ng tindahan hanggang sa kahit panukli ay wala nang matira.

“Iniisip ko kung paano ka makakapasok sa susunod na pasukan kung ganito ang sitwasyon natin, J” tila may tinik sa lalamunan na saad ng biyuda.

Mabilis na nabalot ng pagkahabag ang kanyang dibdib. Mabilis na nag-init ang kanyang mga mata. Dahil lumaki siya na ang ina lamang ang kasama ay napaka-sensitive niya kapag nakikitang ganito si Martha.

“Yaan mo, 'Nay, maghahanap ako ng trabaho habang bakasyon para makatulong ako sa gastusin at nang kahit papaano ay mabayaran natin ang utang natin kay Aling Hilda... At huwag n'yo na munang isipin 'yung susunod na pasukan. Kung hindi ako maka-enroll, eh, ano naman? Bata pa naman ako, marami pang oras. Huwag ka nang mag-aalala, 'Nay...”

Puno ng kalungkutan ay masuyo siyang tiningnan ng ina, at gustong matunaw ng kanyang puso dahil puno pa rin ng pag-aalala ang mukha nito.

“Napakabait mo, 'Nak... Ni minsan ay hindi kita

narinig na nagreklamo sa klase ng buhay na binibigay ko sa 'yo. Minsan naaawa ako sa 'yo, kahit disentang cellphone, ay wala ka. Ang gamit mo ay 'yang bigay pa sa 'yo ng kaibigan mo magdadalawang taon na..."

Napangiti siya. "Wala akong ibang kailangan kundi ikaw, 'Nay... At nandito ka, magkasama tayo, ba't ako magrereklamo?"

Sa wakas ay napangiti si Martha at hinaplos ang kanyang pisngi bago siya mahigpit na niyakap. "Kung buhay pa ang tatay mo at makitang ganito ka kabait ay tiyak na tuwang-tuwa siya," malumanay nitong saad.

Malungkot lang na ngumiti ang dalaga. Limang taon pa lamang siya nang mamatay si Romeo, ang kanyang ama. English teacher ito sa lokal na high school ng San Sebastian. Naghahanda ito sa pagpasok isang umaga nang maatake ng high blood. Nahilo ang kanyang ama at nadulas sa banyo, tumama ang ulo sa bowl. Huli na nang mapasok ito ng ina. He was dead on the spot.

Bata pa noon si JJ pero isa iyon sa pinakamadilim na alaala sa kanyang buhay. Umiikot sa kanilang magina ang buhay noon ni Romeo. Sa tuwina pag-uwi sa hapon ay may pasalubong ito sa kanila, bulaklak para sa kanyang ina at tsokolate o maliliit na laruan para sa kanya. Malaki na ang sahod nito para sa maliit

nilang pamilya, at maluwag ang buhay nila noon dahil nagtatrabaho rin si Martha sa pabrika ng pagawaan ng salamin na pag-aari ng mga Cruz.

Pero matapos ang pagkamatay ng kanyang ama ay tuluyan nang bumagsak ang kanilang buhay. Hindi makayanan ng sahod ni Martha ang buwan-buwan na lang na gastusin sa bahay. Simula sa kuryente, tubig, pang-araw-araw na gastusin. Nagsimula silang maghirap. Hanggang sa heto na nga sila ngayon. Nabigyan ng pagkakataong magkaroon ng maliit na negosyo, pero hindi naman lumalago. Sa pakiramdam pa niya ay malapit nang tuluyang bumagsak.

Humugot si JJ ng malalim na hininga. “Bukas na bukas din, 'Nay, maghahanap ako ng trabaho.”

Ngumiti si Martha at hinaplos ang kanyang pisngi. “Salamat, Anak... anuman ang kitain mo kung makahanap ka ng mapapasukan ay ipunin mo para sa enrollment mo sa susunod na taon. Ayokong matigil ka sa pag-aaral dahil iyon lang ang pag-asa nating umayos ang buhay.”

Pinisil lang niya ang kamay ng biyuda, ayaw niyang sumang-ayon sa sinabi nito. Dahil ang talagang balak niya ay gamitin lahat ng kikitain bilang pambayad sa utang nila at nang sa ganoon ay mabawasan na ang alalahanin ng kanyang ina.



Nabitin sa ere ang kamay ni JJ habang nagbubunot ng ligaw na damo sa kanyang hardin. Pakiramdam niya ay may nagmamasid sa kanya. Marahas siyang lumingon sa kanyang likuran at mabilis na napatayo. May lalaki ngang nagmamasid sa kanya. Nakatayo ito sa loob ng kanilang bakuran malapit sa nakabukas nilang gate na gawa rin sa kawayan. Maputi at mamula-mula ang balat ng lalaki at may pagkatsinito, may katabaan din ito. Hindi pa niya ito nakita dati.

“M-may kailangan po sila?” tanong niya.

Malawak na ngumiti ang estranghero at wala sa sariling nahatak niya pababa ang laylayan ng suot niyang shorts dahil hindi maalis doon ang paningin ng lalaki.

“Dito ba nakatira si Aling Martha?” mayamaya ay tanong nito na ngayon ay tutok na tutok na ang paningin sa kanyang mukha.

“O-opo. Sandali lang at tatawagin ko si Nanay,” mabilis niyang paalam. Hindi na siya komportable sa paraan ng pagtitig nito sa kanya.

Nagmadaling pumasok si JJ sa kabahayan at naabutan ang inang nagsasaing ng kanilang hapunan. “Nay, may naghahanap po sa inyo sa labas.”

Nilingon siya nito pagkatapos ay sumilip sa

pinto. At hindi naitago sa mukha ng matanda ang pagkabahala nito.

“Sino ’yan, ’Nay?” nag-aalala niyang tanong.

“Anak ni Hilda, JJ. Malamang ay inutusan siya para maningil. Kaya ako nagsara nang maaga ngayon para hindi nila ako maabutan. Hindi ko alam na alam pala nila dito sa atin.”

Atubiling lumabas si Martha at inanyayahan ang lalaking maupo sa balkonahe. Si JJ ay naiwan sa loob bagaman nakikinig sa usapan.

“Hindi ko alam na napakaganda pala ng anak n’yo, Aling Martha...” umpisa ng lalaki. “Akala ko ay nagkamali ako ng bahay na napuntahan.”

“M-maraming salamata,” alanganing sagot ni Martha. “Leo, alam ko ang pakay mo sa pagpunta dito. Pero pasensya ka na, wala pa talaga akong maibibigay sa inyo ngayon. Pakisabi kay Hilda na sa oras na makaluwag ako ay ako na mismo ang maghahatid ng kulang namin.”

Sandaling natahimik ang kausap. “Sige ho, Aling Martha. Ako na ang bahalang kumausap kay Mama,” mayamaya ay sabi nito.

Napabuga ng hangin ang dalaga at nagpasalamat, inaasahan niyang kukulitin ni Leo ang kanyang ina.

“Maraming salamata, Leo...” ani Martha na halata

rin sa boses ang relief.

“Wala hong anuman. Sige, magpapaalam na ako. Nasaan ho ’yung anak n’yo, at nang makapagpaalam din ako.”

“JJ!” narinig niyang tawag sa kanya ng ina.

Kinakabahang dumungaw siya sa pinto at muli niyang nakita ang tila nakakalokong ngisi ng lalaki pagkakita sa kanya.

“Mauna na ako, JJ. Ikinagagalak kong makilala ka...” anito na tila hindi magkamayaw kung saan siya unang titingnan.

“S-sige, salamat,” nasabi na lamang niya habang kating-kati nang makaalis ito.

Wala pang kahit na anong karanasan sa lalaki si JJ, wala siyang ideya sa tinatakbo ng isip ng mga ito. Pero sigurado siyang hindi disente ang paraan ng pagtitig sa kanya ni Leo. Napabuga siya ng hangin nang makapasok sa sasakyan nito ang lalaki.

“Ayos ka lang, ’Nak?” baling sa kanya ng ina.

Mabilis siyang tumango. Ayaw nang sabihin dito ang kanyang napansin, baka mag-alala pa ito. “Opo...”

